Taon XXXVI Blg. 22 Nobyembre 21, 2005 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Labanan ang panunupil ni Arroyo sa midya

uspusan ang pagsisikap ni Gloria Arroyo na kontrolin ang lahat ng instrumento ng estado upang epektibong magamit ang mga ito sa pandarahas at pagpapasunod sa mamamayan at pagpapanatili sa sarili sa pwesto. Kasabay nito, naglunsad siya ng engrandeng kampanya ng panlilinlang upang bigyang-katwiran ang kanyang pananatili sa poder at lumikha ng larawan ng pag-unlad. Puspusan din ang kanyang mga pagsisikap upang pagmukhaing demonyo ang lahat ng pwersa at sektor na lumalaban sa kanyang paghahari at bigyang-matwid ang paggamit ng karahasan laban sa kanila. Para rito, ginawa ni Arroyo ang lahat—panloloko, pambabraso, panunuhol at pagbabanta—upang kontrolin at impluwensyahan ang masmidya at tiyakin na ang impormasyon na dadaloy mula rito ay yaon lamang makabubuti sa kanya.

Gayunpaman, ilang ulit nang nabigo si Arroyo na kumbinsihin ang maraming reporter, brodkaster at kolumnista na magsilbi sa kanyang mapanlinlang na kampanya



ng pagpapaganda o pagtatago ng mga impormasyon at balitang "dumudungis" sa kanyang paghahari. Sa kabila ng mga pagbabanta ni Arroyo, patuloy ang masmidya, laluna ang mga impluwensyado ng oposisyon, gayundin ang karaniwang mga reporter at brodkaster,

Mga tampok sa isyung ito...

9 na sundalo patay, 20 sugatan sa ambus ng BHB sa Iloilo

PAHINA 4

Mga ebidensya laban kay Arroyo, inihapag sa CCTA

PAHINA 5

Enrile, muling mananalanta sa Samar

PAHINA 11

sa paggigiit ng kanilang kalayaan sa pamamahayaq.

Habang malaking bahagi ng masmidya ang kontrolado at nabibili ng rehimeng Arroyo at mga galamay nito, malaki-laking bilang pa rin ng mga editor, kolumnista, brodkaster at reporter ang tumatangging magpasuhol at maging sunud-sunuran sa mga kagustuhan ng rehimen.

Higit pa rito, sa kabila ng mga maniobra at banta ni Arroyo, hindi nagawang tabunan ang makabuluhang mga balitang nagtatampok sa mga pagkilos ng mamamayan laban kay Arroyo at naglalantad ng iba't ibang kasinungalingan, kabulukan, korapsyon at karahasan ng naghaharing rehimen.

Tanda ng kanyang desperasyon, ginagamit ngayon ni Arroyo ang pamububuska, maruruming taktika, pagbabanta hanggang paggamit ng pasistang karahasan sa masmidya.

Noong Nobyembre 10, parang asong ulol na inatake ni Gloria Arroyo ang mga kasapi ng masmidya sa loob mismo ng kanilang bakuran. Sa kanyang talumpati sa harap ng mga upisyal ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng

Pilipinas (KBP), kinastigo niya ang masmidya sa "negatibong paguulat dahil laging tumatampok ang mga balitang naglalantad sa kabulukan, pagkabrutal at pagkapapet ng kanyang rehimen at nagbibigay-pansin sa mga isinisiwalat at mga pagpoprotesta ng mga pwersang anti-Arroyo." Tahasan niyang inakusahan ang masmidya ng pagpapagamit sa kanyang mga kalaban sa pulitika at pagiging bahagi ng mga planong destabilisasyon.

Mariing binatikos ni Arroyo ang pagpapahalaga at pagkober ng masmidya sa pagdaos at mga deliberasyon ng Citizens' Congress for Truth and Accountability (CCTA). Ang CCTA ay nagsisilbing porum para sa paglalantad ng mga ebidensya at testimonya ukol sa korapsyon, pandaraya sa eleksyon at mga paglabag ng rehimeng Arroyo sa karapatang-tao—na nabiqyanq-paqkakataonq hindi ilabas dahil sa pagbabasura noong Setyembre ng kasong impeachment sa Kongreso. Sa kabila ng paq-aakusa ni Arroyo sa CCTA bilang "kangaroo court"—isang korte pekeng na umaakto umanong sabayang tagapagakusa, tagapaghusga at tagapaggawad ng parusa—patuloy itong binibigyang-pansin, binibigyangkredibilidad at pinahahalagahan sa mga pagbabalita sa radyo, telebisyon, mga pahayagan at sa internet.

Sa kanyang inis, kulang na lamang na tawagin niyang terorista ang mga taong-midyang hindi sumusunod sa kanyang kagustuhan. Binansagan niya ang mga ito na "pabigat sa demokrasya at pag-unlad at sanhi ng malubhang sakit na bumabalot sa buong bansa."

Ang mga atakeng ito'y pinakahuli lamang sa mga tusong balak at hakbangin at maruruming maniobra ng rehimeng Arroyo laban sa masmidya. Bago ito, nabunyag ang isang "sikretong plano" ng Malakanyang na arestuhin ang mga kilalang reporter at editor na hayagang bumabatikos sa kanyang di lehitimong rehimen. Isasabay sana niya ito sa pagdedeklara ng "state of emergency."

Nito namang nakaraang buwan, sa isang lihim na pakikipagpulong, umarteng nagmamakaawa si Arroyo sa mga reporter sa Malakanyang na iwasan na nila ang pagbabalita ng mga kritisismo sa rehimen dahil ang mga ito'y "masasakit" na tirada sa kanyang pagkatao. Tuso siyang nagdrama upang palambutin ang reporter doon na matagal nang bumabatikos sa mga kasinungalingan ng kanyang mga tagapaqsalita at sa gawi nitong sisihin ang masmidya sa lahat ng "masasamang publisidad" tungkol sa kanyang rehimen.

Kasabay ng pinakahuling mga maniobra ni Arroyo laban sa midya, tuluy-tuloy ang panggigipit sa mga kasapi nito na lumalaban sa korapsyon at kabulukan ng reaksyunaryong sistema sa pangkalahatan. Patuloy na dumarami ang pamamaslang ng mga

# ANGBAYAN

Taon XXXVI Blg. 22 Nobyembre 21, 2005

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

#### Nilalaman

Editoryal	1
Garapalang pambabraso	3
Mga opensiba ng BHB	4
Militar, inambus sa Iloilo	
Pananambang sa Quezon	
Mga operasyong harasment	
21 armas, nasamsam sa Mindanao	
Pagdinig sa CCTA	5
Lalong naiipit si Arroyo	7
Pananalanta ng pasistang estado	8
EVAT at nakapakong sahod	9
Masaker sa Pasig	10
Enrile, mananalanta sa Samar	11
Usi, sinipa sa Samar	13
Balita	14

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

kritikal kung hindi man progresibong mga mamamahayaq. Mula 2000 lamanq, hindi bababa sa 25 na mga myembro ng midya ang Isa sa pinakahuli pinatay. ang pagpaslang kay Ricardo Uy, isang progresibong brodkaster sa Sorsogon. (Tingnan ang kaugnay na balita sa p.8) Taun-taon, tumataas ang ranggo ng Pilipinas sa mga bansang pinakamapanganib mamamahayaq. mga Noong nakaraang taon, pumangalawa sa Iraq ang Pilipinas sa dami ng mga mamamahayaq na pinatay dulot ng kanilang propesyon.

Napakahalaga, laluna sa gitna ng matinding labanang pampulitika ngayon, kalayaan at kakayahan ng midva na tuluv-tulov na mabigyang daluyan at maipalaqanap sa mamamayan mga kabulukan at kainutilan ng rehimen at ng buong reaksyunaryong sistema. Sa pamamagitan ng midya, maipapaabot sa mamamayan ang mahahalagang impormasyon na umaapekto sa kanilang buhay at kabuhayan. Ang impormasyong ito ay maaaring maging batayan para sa paqsusuri at pagbubuo ng mga kolektibong desisyon na susi sa pagsusulong ng mga demokratikong proseso, panlipunang pagbabago at maging sa pagsusulong ng rebolusyon.

Sa gayon, ang anumang panggigipit ni Arroyo upang sikilin, kontrolin at gamitin ang midya para sa sariling kapakinabangan ay kailangang puspusang labanan hindi lamang ng mga myembro ng midya kundi ng demokratikong kilusang masa at ng mamamayan.

#### Garapal na pambabraso

Noong huling linggo ng Oktubre, tinangka ni Arroyo na brasuhin ang ABS-CBN, isa sa pinakamalaking kumpanyang pantelebisyon at radyo, na paq-aari ng pamilyang Lopez. Tuwirang inakusahan ni Arroyo ang kilalang brodkaster na si Julius Babao ng pagkakanlong at pagpipyansa kay Dawud Santos, na ayon sa militar ay isang terorista. Isa iyong pangiipit sa ABS-CBN na habang lumalao'y nagiging lalong kritikal kay Arroyo. Ang gayong pag-uugnay kay Babao at sa ABS-CBN sa umano'y mga terorista ay pagpapahiwatiq ng kahandaan ni Arroyo na gamitin ang lahat ng kanyang kapangyarihan upang pasunurin ang masmidya sa kanyang dikta.

Hindi tumiklop si Babao at ang ABS-CBN. Sa parehong pulong ng KBP, pagkatapos na pagkatapos ng pagbira ni Arroyo sa imahen ng mga mamamahayag bilang "bad boy" at kasangkapan sa destabilisasyon, binatikos naman ng pinuno ng ABS-CBN na si Eugenio Lopez III and panddigipit ni Arroyo sa masmidya at ang paglalahad niya ng mga walangbatayang akusasyon laban sa masmidya. Tinuligsa ni Lopez ang iresponsableng pandadawit ni Arroyo kay Babao at inilahad ang resulta ng internal na pagsisiyasat at pag-ABS-CBN pawalang-sala kay Babao at naglalantad sa mga kasingulingan at pambabaluktot ng AFP sa datos at impormasyon upang ipitin si Babao.

Ang pagtangging ito ni Lopez at ng ABS-CBN na pumailalim sa kontrol ng Malakanyang ay salamin ng paninindigan ng masmidya sa pangkalahatan. Patuloy na nabibigo si Arroyo sa kanyang pambabraso at pambubuska sa masmidya. Nagtatagumpay lamang siya sa

pagpapalawak ng hanay ng mga pwersang kumakalaban sa kanya at nagpapatatag sa determinasyon ng mamamayang Pilipino na wakasan ang kanyang paghahari.

Umulan din ang mga batikos mula sa mga organisasyon ng mamamahayag, mga demokratikong organisasyon, progresibong partido, mga kalaban sa pulitika at maging ilan sa kanyang mga partido, at mga kalaban sa pulitika. Bumatikos maging ang ilan sa mga kapartido ni Arroyo at tagapagtanggol niya sa midya.

Nito ring Nobyembre, nabunyaq ang plano ng Malakanyang na magbuhos ng milyun-milyon mula sa kaban ng bayan upang itulak sa unahan ang mga isyung nais patampukin at manipulahin ng rehimen. Sa ngalan ng pagpapalaganap diumano ng mga kinakailangang impormasyon tungkol sa "bird flu," inupahan at binayaran ni Arroyo ng P112 milyon ang isang malaking dayuhang kumpanyang espesyalista sa pagdidisenyo ng pakikipag-ugnayan sa pub-McCann-Ericsson liko—ana upang sadyang pangibabawin ang tungkol sa "bird flu" sa iba pang balita at kaalinsabay ay ilarawan si Arroyo na mapagmalasakit sa mamamayan at may sariling pagpapasya. Bahagi rin nito ang tusong planong gamitin ang kasong panggagahasa ng mga sundalong Amerikano sa Subic, Olongapo para makaani ng magandang publisidad para kay Arroyo.

Ayon pa sa isang upisyal ng Malakanyang, laking tuwa ni Arroyo nang sa loob ng ilang araw ay tinabunan ng mga balita tungkol sa "bird flu" at panggagahasa sa Subic ang mga iskandalo ng kanyang rehimen at mga panawagan at kilos protesta para sa kanyang pagbibitiw.

9 na sundalo patay, 20 sugatan sa ambus ng BHB sa Iloilo

TINAMBANGAN ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang mga elemento ng 1st Scout Ranger Battalion (1st SRB) at 47th IB ng Philippine Army sa Sityo Simabad, Mambiranan, Calinog, Iloilo nitong Nobyembre 19. Ayon sa mga inisyal na ulatkoresponsal, siyam ang kumpirmadong patay at 20 ang sugatan sa mga tropang militar. Nakasakay ang mga sundalo sa isang Elf at isang siksbay at papauwi na galing sa pagpapatrulya nang mangyari ang ambus.

Pinasabugan muna sila ng isang command-detonated land mine bago paulanan ng mga bala bandang alas-8:00 ng gabi. Sapul kaagad ng eksplosibo ang naunang siksbay. Kalakhan ng mga kaswalti ng militar ay mula sa unang bwelo ng atake ng BHB. Subalit hindi natamaan ng eksplosibo ang siksbay kaya nakapanlaban pa ang mga

sakay sa Elf. Tumagal nang isang oras ang palitan ng mga putok. Walang naiulat na kaswalti sa panig ng BHB samanta-

lang nadagdagan pa ng dalawa ang nasugatang mga sundalo.

Ang dalawang kumpanya ng 1st SRB, na pinamunuan ni Lt. Col. Noel Buan, ay mahigit isang buwan pa lamang na nakapakat sa Panay mula sa Central Visayas. Ang isang kumpanya nito ay nasa Negros. (Matatandaang si Buan ay operatibang paniktik na nabihag ng BHB sa Southern Tagalog noong 1999 at pinalaya makaraan ang isang taon.) Itinalaga ng AFP Visayas Central Command bilang "strike force" ng 3rd Infantry Division na sumasaklaw ng Western at Central Visayas ang yunit ni Buan.

Bago ito, dalawang sundalo ang napatay at dalawa ang nasugatan sa magkahiwalay na operasyong harasment ang naisagawa ng mga yunit ng BHB sa ilalim ng Napoleon Tumagtang Command sa Southern Front ng Panay.

Noong Oktubre 10, isang sundalo ang napatay at isa ang nasugatan nang paputukan ng BHB ang mga elemento ng 1st SRB at Charlie Coy ng 47th IB sa Sityo Apong, Aningalan, San Remigio, Antique. Naglalaba at naliligo ang mga ito sa ilog ng isnaypin sila ng BHB.

Noon namang Oktubre 7, hinaras ng isa pang yunit ng BHB ang isang platun ng 31st Division Reconnaisance Coy (DRC) habang nag-aalmusal bandang alas-8 ng umaga sa isang abandunadong kubo. Isa ang napatay at tatlo ang nasugatan sa mga kaaway.

### 21 armas nasamsam sa Mindanao

DALAWAMPU'T isang armas ang nakumpiska ng mga Pulang mandirigma ng BHB sa tatlong magkakahiwalay na taktikal na opensiba sa Southern Mindanao Region nitong ikalawang linggo ng Nobyembre.

Anim na M16, limang iba't ibang klase ng maiikling baril at anim na ammunition vests ang nasamsam sa isang walang putok na reyd ng BHB sa himpilan ng Philippine National Police (PNP) sa Quezon, Bukidnon noong gabi ng Nobyembre 11. Ayon sa pahayag ng Merardo Arce Command (BHB-Southern Mindanao), ang taktikal

na opensiba ay pinag-isang operasyon ng mga pwersa ng BHB mula sa Front 53 at Front 6.

Sa araw ding iyon, bandang alas-2 ng hapon, tinambangan ng isang iskwad ng Magtanggol Roque Command ng BHB ang mga pwersa ng kaaway sa Sityo Balaganun, Barangay Managa, Bansalan, Davao del Sur. Dalawang ripleng M16 at isang M14 ang nasamsam mula sa dalawang nasugatang elemento ng CAFGU at isang regular na sundalo ng 57th IB na sumuko. Kinilala ang sumukong sundalo na si Dennis Capilio. Matapos mabigyan ng

unang lunas ng mga medik ng BHB ang dalawang elemento ng CAFGU, tinulungan silang makasakay tungo sa pinakamalapit na ospital. Pinasama sa kanila si Capilio.

Bago ito, pitong armas na kinabibilangan ng tatlong M16, isang M14, isang shotgun at dalawang pistola ang nakumpiska ng BHB mula sa apat na pulis sa isang walang putok na reyd sa detatsment ng 110st Provincial Mobile Group ng Philippine National Police sa Barangay Magdum, Tagum City, Davao del Norte mga alas-10 ng gabi noong Nobyembre 8.



## Mga pulis, tinambangan sa Quezon

ISANG upisyal ng 415th Provincial Mobile Group ng PNP ang napatay at tatlo ang nasugatan sa pananambang ng BHB bago maghating gabi nitong Nobyembre 19 sa Barangay Lumingon, Tiaong, Quezon. Nakasakay sa isang *mobile patrol* ang anim na pulis nang ambusin sila. Nabihag ang isang pulis pero di naglaon ay pinalaya rin ito ng mga Pulang mandirigma. Isang M16 at isang pistola ang kanilang nasamsam sa mga pulis.

Isang araw bago ang pangyayari, dalawang sundalo ang nasugatan sa *command-detonated land mine* na pinasabog ng BHB sa Barangay Bataan, Sampaloc sa parehong prubinsya noong Nobyembre 18.

#### Mga operasyong harasment

TATLONG elemento ng kaaway ang napatay at tatlo rin ang nasugatan sa dalawang magkahiwalay na operasyong harasment ng BHB sa Nueva Ecija at Sorsogon nitong Oktubre at Nobyembre. Isa namang pulis ang nasamsaman ng kanyang pistola sa Catanduanes.

Sa Nueva Ecija, napatay ang isang pulis habang nasugatan ang tatlo pa niyang kasamahan nang paputukan ng mga Pulang mandirigmang sakay ng isang dyip ang isang tsekpoynt ng PNP sa Barangay Sto. Cristo, Gapan nitong Nobyembre 16.


Bago ito, hinaras ng isang tatlo-kataong tim ng mga gerilya ng BHB ang mga sundalo ng Philippine Army na nagoperasyon sa Barangay Bigen, Bulan noong gabi ng Oktubre 17. Dalawang sundalo ang kumpirmadong napatay.

Samantala, isang pulis sa Baras, Catanduanes ang nakumpiskahan ng BHB ng isang 9 mm noong Oktubre 9. 🝱

# Mga ebidensya ng katiwalian, korapsyon at karahasan, inihapag sa CCTA

a kabila ng mga panggugulo at pananabotahe at tuluytuloy na pagmamaliit ng Malakanyang, matagumpay na naidaos ang mga pagdinig ng Citizens' Congress for Truth and Accountability (CCTA) ukol sa mga reklamo laban kay Gloria Arroyo. Dinaluhan ng humigit-kumulang 400 delegado ang mga pagdinig ng CCTA nitong Nobyembre 8, 9, 15 at 16. Pinamunuan ni dating Vice President Teofisto Guingona Jr. ang mga pagdinig.

Nakasampa sa CCTA ang mga kaso ng pandaraya sa nakaraang eleksyon, mga paglabag sa karapatang-tao at korapsyon ng rehimeng Arroyo. Ang mga ito rin ang nilaman ng kasong *impeachment* laban kay Arroyo, Binigyang-pagkakataon ng CCTA si Arroyo na magtanggol subalit buong kabastusan lamang na pinagpupunit ng isang upisyal ng Malakanyang ang pormal na



imbitasyon para rito.

Ang mga ebidensya kaugnay ng mga kasong ito ay isinusumite at masinop na sinusuri sa CCTA, alinsunod sa mga pamantayan sa pagtitimbang ng ebidensya na sinusunod sa mga regular na korte.


Pagkatapos ng mga pagdinig, inaasahang babalangkasin ng CCTA ang mga rekomendasyon at panawagan para sa pagkilos ng sambayanang Pilipino. Ang mamamayan na ang magbibigay ng hatol kay Arroyo at magpapataw ng karampatang kaparusahan.

Lansakang pandaraya sa eleksyon. Binuksan noong Nobyembre 8 sa UP Theater sa UP Diliman ang mga kaso ng pandaraya sa eleksyong 2004. Naghapag ng maraming dokumento si dating Solicitor General Frank Chavez upang ipakita ang malawakang pandaraya ng kampo ni Gloria Arroyo. Kabilang sa mga lugar kung saan ito garapalang naganap ay sa Cebu, Bohol, Iloilo, Negros Occidental, Pampanga, Ilocos Sur at Southern Levte.

Kabilang sa mga tumestigo kaugnay nito si Segundo Tabayoyong, dating hepe ng Documents Section ng National Bureau of Investigation na sumusuri sa iba't ibang dokumento kaugnay ng eleksyon. Inilahad ni Tabayoyong ang nakita niyang mga palatandaang dinuktor ang mga "election return."

Humarap din ang tagapangulo ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) na si Danilo Ramos. Aniya, qinamit ng kampo ni Arroyo ang pondo ng Ginintuang Masaganang Ani (ang tinaguriang "fertilizer funds") sa pangangampanya para sa eleksyon. Ayon kay Ramos, wala ni isang magsasaka na kasapi ng Kilusang Magbubukid sa Pilipinas ang nakatanggap ng pondo o abono mula sa ₱1.828 bilyon na ipinalabas nq Department of Budget and Management noong 2004. Ayon pa kay Ramos, na inilabas and naturand pondo sa panahon ng tag-ani, nang wala nang pangangailan ang mga magsasaka para sa abono.

Ibinahagi naman ni Roberto Verzola, isang *observer* ng Namfrel at eksperto sa kompyuter, ang nakwenta niyang pagbawas ng apat na milyong boto para sana sa kan-



didatong si Fernando Poe Jr. subalit ibinilang kay Arroyo.

Talamak na mga paglabag sa karapatang-tao. Ikalawang kasong dininig ng CCTA ang malawakang paglabag sa karapatang-tao ng rehimeng Arroyo. Ayon kay Marie Hilao-Enriquez, pangkalahatang kalihim ng Human Rights Alliance-KARAPATAN, mayroong 4,692 kaso ng mga paglabag mula nang maupo si Arroyo noong Enero 20, 2001 hanggang Setyembre 30, 2005. Kinabibilangan ito ng mga "pamamaslang, tangkang pagpatay, sapilitang pagkawala, panonortyur, iligal na pang-aaresto at detensyon, walang pakundangang pamamaril, at pwersahang ebakwasyon."

Sa partikular, 262,000 indibidwal at 28,000 pamilya sa 460 komunidad na ang biktima ng umiigting na militarisasyon, laluna sa Southern Tagalog, Eastern Visayas at Southern Mindanao. Batay sa talaan, umaabot sa 410 ang mga pinatay, 153 ang dinukot, at 21 boluntir ng mga organisasyon ng karapatang-tao ang pinaslang. Ang itinuturong may kagagawan nito ay mga elemento ng Armed Forces of the Philippines (AFP), Philippine National Police (PNP), mga elemento ng CAFGU at mga bayarang vigi-

lante. Pinatutunayan ito ng mga fact sheet, affidavit, mga sertipikasyon ng pagkamatay, mga ulat ng medico-legal, mga ulat ng fact-finding mission, at mga blotter ng pulisya.

Ipinahayag din ni Cong. Satur Ocampo na umaabot na sa 80 lider at kasapi ng Bayan Muna ang biktima ng asasinasyong pulitikal. Iginiit ni Ocampo na ang pamamaslang sa mga lider at kasapi ng demokratiko at progresibong organisasyon ay idinidirihe ng AFP ay isinasagawa ng AFP at iba pang armadong galamay ng estado at pinasisimunuan mismo ng rehimeng Arroyo.

Humarap din ang 14 taong gulang na si Adelyn Albarillo, na sampung taon pa lamang nang masaksihan niya ang walang awang pagpatay ng mga elemento ng 204th Brigade ng Philippine Army sa kanyang ama't ina sa San Teodoro, Oriental Mindoro noong Abril 28, 2002. Isinalaysay din ni Christine Abalos ng Catbalogan, Samar ang pagdukot at pagpatay ng militar noong Marso 28 sa kanyang ama na si Patricio Abalos, lider ng lokal na kooperatiba. Sinariwa rin ni Rene Galang, pangulo ng United Luisita Workers Union, ang walang habas na pagbuwag at pamamaril ng mga pwersa ng militar, pulisya at gwardya sa hanay ng mga welgista sa Hacienda Luisita, Inc. sa Tarlac City noong Nobyembre 16, 2004. Pitong welgista ang namatay at marami ang nasugatan sa madugong dispersal.

# Korapsyon at iba pang katiwalian. Inamin naman ni Corazon "Dinky" Soliman, dating kalihim ng Department of Social Work and Development (DSWD) na naging instrumento siya sa talamak na pandaraya noong nakaraang eleksyon. Ibinunyag niyang pumayag

"CCTA...", sundan sa pahina 7

ang gabinete sa pakana sa eleksyon ni Arroyo na pamamahaqi ng limang milyong card ng Philippine Health Insurance (PhilHealth) na may bisang isang taon at nagkakahalaga ng ₱1,600 bawat isa. Ayon kay Soliman, siya mismo ay namahagi ng 3,000 PhilHealth card sa Pangasinan, ang prubinsya ni Fernando Poe, Jr. Sa harap ng CCTA, humingi si Soliman ng paumanhin sa mamamayang Pilipino dahil naging bahagi siya sa pagkakanulo sa tiwala ng publiko.

Inilahad naman ni Maita Santiago, pangkalahatang kalihim ng Migrante International, na noong 2003, kumita ang gubyerno ng ₱1,237,004,100 mula sa Welfare Fund Contribution ng mga Overseas Contract Workers at ₱830,299,200 mula sa Medicare Fund ng OCW. Inilipat ang perang ito sa umano'y "malawakang paglikas ng mga OCW sa Iraq" at sa "Classroom Galing sa Mamamavang Pilipino sa Abroad" o CGMA. Batay sa hinahawakang mga dokumento, tinuran din ni Santiago na ang ₱530,382,446 ay inilipat mula sa Overseas Workers Welfare Administration's Medicare Fund tungong PhilHealth Insurance Fund noong Pebrero 2, 2004.

HALOS buo na ang larawan mula sa noo'y mga kalat-kalat na ebidensya ng kabulukan at katiwalian ng gubyernong Arroyo. Gayunpaman, marami pa ang gustong tumestigo. Upang bigyang-daan ito, nagtakda ng karagdagang araw ng pagbista sa Nobyembre 23. Inaasahang matatalakay pa ang iba pang kaso ng katiwalian kabilang ang kontrata sa Northrail Transit, Venable LLP, at iba pa.


# **Ipit ang rehimeng Arrroyo**

Patuloy na hinahambalos ng sunud-sunod na krisis ang rehimeng Arroyo mula loob at labas ng naghaharing uri at maging mula sa amo nitong imperyalismong US.

Ibinunyaq nq oposisyon noonq unang linggo ng Nobyembre ang tatlong magkakahiwalay na dokumento kung saan tinasa ng imperyalismong US ang kasalukuyang kalagayan ng bansa at katayuan ng lokal na papet nito. Ayon sa mga ito, hindi na epektibo si Arroyo bilang tagapangalaga ng naghaharing sistema. Minaliit din nito ang kakayahan ni Arroyo bilang ekonomista dulot ng kainutilan niyang lutasin ang krisis sa pinansya ng bansa. Binatikos din ng US ang kabulukan ng rehimen na pinatampok ng kaliwa't kanang mga kaso ng anomalya at korapsyon.

Sa harap nito, dali-daling ipina-dala ni Arroyo sa US ang kalihim ng Department of Foreign Affairs na si Roberto Romulo upang kalmahin ang kanyang mga amo, makipagnegosasyon upang patagalin pa siya sa pwesto at maghanap ng mga paraan at proseso ng pagtakas sakaling masipa siya sa Malakanyang.

Kasabay nito, naghanda ng mga panansalang hakbang si Arroyo upang hindi siya pwedeng traydurin ng mga pulitiko na nag-aastang kanyang mga kaalyado. Ibinunyag ng kampo ni Arroyo ang balak sana ni dating presidente Fidel Ramos na maglunsad ng kudeta noong Hunyo. Binalaan ni Arroyo ang sinumang nagpaplanong tanggalin siya sa marahas na paraan na handa rin siyang suklian sila ng mas masahol pang dahas. Nagkalat si National Security Adviser Norberto Gonzales ng mga kwento tungkol sa umano'y mga pakanang kudeta na noo'y tinawaq nilang mga "Atake sa Setyembre." Ginawa itong sangkalan para sa iba't ibang mapaniil na hakbangin laban sa sinumang tumu-



tutol sa paghahari ni Arroyo. Nang lumipas ang Setyembre nang walang nangyari, ginamit naman ni Arroyo si Sen. Miriam Santiago upang ikalat na maglulunsad ng kudeta sa Disyembre si Ramos.

Sa harap ng lahat ng ito, nagkukumahog si Arroyo na tabunan ang mga iskandalong bumabalot sa kanyang rehimen at wakasan ang mga tangkang ungkatin ang mga kaso ng pandaraya at iba pang kabulukan ng kanyang paghahari. Nitong Nobyembre ay idineklara niyang "tapos na" ang "kontrobersya" na ibinunsod ng "Gloria-Garci tapes." Hindi na qaqalangin ng kanyang rehimen ang mga ligal na hakbang upang buhayin ang mga kaso ng pandaraya na nakaangkla sa mga teyp. Pinatunayan na diumano ng kongreso ang pagiging lehitimo ng panunungkulan ni Arroyo nang ibasura ng mga alipures niya ang kasong impeachment. Gayundin, pinagtibay na ng Korte Suprema ang katayuan ni Arroyo dahil sumang-ayon ito sa mga resulta ng Presidential Electoral Board ng Kongreso. Hindi naman nakakapaglunsad umano malalaking rali ang oposisyon.

Subalit anumang pagpupumilit ni Arroyo, hindi basta-basta maglalaho ang malalaking usapin laban sa kanya. Sa mga imbestigasyon ng Senado, nagpapatuloy ang pagbu-

"Ipit ...", sundan sa pahina 8



# Pinakahuling mga kaso ng pamamaslang

Pitong progresibong lider sa Central Luzon, Bicol at Eastern Visayas ang magkakasunod na pinatay nitong Nobyembre ng mga death squad na pinatatakbo ng militar.

Natagpuang nakasilid sa mga sako sa Barangay Pinili, San Jose City, Nueva Ecija nitong Nobyembre 20 ang mga bangkay ng magasawang Danilo at Maribel Supena, kapwa myembro ng Bayan Muna. Dinukot sila noong Oktubre 26.

Pinagbabaril naman nitong Nobyembre 21 sa interseksyon ng Guagua at Floridablanca si Rommel Arcilla, myembro ng Bagong Alyansang Makabayan.

Pinaslang nitong Nobyembre

19 sa Barangay Lourdes Sur, Angeles City si Errol "Reymund" Sending, organisador ng Kadamay at myembro ng Bayan Muna. Limang bala ang umutas sa kanyang buhay.

Sa Sorsogon City, binaril sa harap ng kanyang bahay nitong Nobyembre 18 si Ricardo Uy, upisyal ng Bayan Muna sa syudad. Agad na namatay si Uy matapos magtamo ng limang tama ng bala. Si Uy ay brodkaster din sa lokal na istasyon ng radyo at kilalang bumabatikos sa mga paglabag ng militar sa karapatang-tao sa rehivon.

Binaril din nitong Nobyembre 15 ng tatlong lalaking lulan ng motorsiklo si Bienvenido Bajado, kasalukuyang tagapangulo ng Bayan-Eastern Samar, myembro ng konseho ng Bayan-Eastern Visayas at dating vice mayor ng Maydulong, Eastern Samar. Bago ito, noong Nobyembre 7 ay binaril ng dalawang lalaki si Jose Ducalang, municipal coordinator ng Bayan Muna sa Ormoc City at empleyado ng lokal na qubyerno ng lunsod.

Sa pagkakapaslang sa magasawang Supena, umaabot na sa 71 upisyal at myembro ng Bayan Muna ang pinapatay mula nang maupo sa pwesto si Gloria Arroyo. Sa loob lamang ng taong ito, umabot na sa 25 ang mga pinatay na lider ng Bayan Muna.

#### "Ipit...", mula sa pahina 8

bunyag ng mga detalye hinggil sa maanomalyang paggamit nina Arroyo para sa kampanyang elektoral ng daan-daang milyong pisong pondong pambili sana ng subsidyong abono para sa mga magsasaka. Hindi rin tinatantanan ng Senado ang imbestigasyon sa mga anomalya kaugnay ng pagwawaldas sa pondo ng Philhealth para rin sa eleksyon at ng iligal na paggamit ng rehimen ng ₱27 bilyon sa ₱35 bilyong nakaw na yaman ng mga Marcos na dapat ay nakalagak lamang sa bangko. Pinakinggan din ng Senado ang mga testigo tungkol sa mga panunhol at pandarayang ginawa ni Mike Arroyo sa Lanao sa panahon ng eleksyon.

Sa kongreso, kinastigo sa borador na ulat ng limang komiteng nag-imbestiga sa "Hello Garci" tapes ang rehimeng Arroyo sa sadyang pagtatakip nito sa katotohanan hinggil sa iskandalo. Nilaman ito ng borador sa kabila ng kontrol ng Malakanyang sa mayorya ng Kongreso at sa kabila rin ng pagsisikap

ni Arroyo at mga alipures niya na baguhin ito bago maging pinal ang report. Gayon na lamang ang pagkukumahog ng kampo ni Arroyo na supilin ang ulat kahit kung tutuusin ay wala rin itong ngipin dahil ni hindi ito nagtukoy ng anumang pananagutan ni Arroyo sa batas nang tawagan niya si Comelec Commissioner Virgilio Garcillano sa kainitan ng pagbibilang ng boto noong eleksyong 2004.

Patuloy ang mga panawagan at pagkilos ng iba't ibang sektor ng mamamayan para ilantad at panaqutin si Arroyo at mga kasabwat niya sa malalaking krimen nila sa bayan. Pinakamatingkad rito nitong huling mga linggo ang ginagawang pagdinig ng Citizens' Congress for Truth and Accountability (CCTA) na ipinalit ng mamamayan sa prosesong impeachment. Tahasan nitong pinasisinungalingan ang pag-aakala ni Arroyo na hahayaan ng mamamayan na mailibing na lamang sa limot ang mga kriminal na pananaqutan niya sa bayan.

#### Karahasan sa Hacienda Luisita

LABING-ISANG residente ng Hacienda Luisita ang iligal na inaresto ng mga tauhan ni Brig. Gen. Jovito Palparan noong Nobyembre 15, bisperas ng unang anibersaryo ng masaker ng pitong manggagawa at manggagawang bukid sa asyenda. Inaresto sila sa Barangay Balite, Tarlac City.

Pinaratangan ni Palparan ang mga inaresto, kabilang ang isang 12-taong gulang na bata, ng pagpaplano ng armado at mararahas na operasyon laban sa mga pwersa ng militar. Dahil walang bahid ng katotohanan ang mga paratang ni Palparan, napilitan siyang kagyat na palayain ang walo sa mga dinakip.

Sinampahan naman niya ng gawa-gawang kaso ng iligal na pag-iingat ng mga baril ang natitirang tatlo.

# Dobleng hambalos sa anakpawis

Sa tangkang linlangin ang mamamayan at buhusan ng malamig na tubig ang kanilang tumitinding galit dulot ng pagpapatupad ng expanded value added tax (EVAT), nagkunwari si Gloria Arroyo na sinusuportahan niya ang pagsasabatas ng makatarungang pagtataas sa sahod ng mga manggagawa.

Nag-asta siyang maka-manggagawa sa harap ng mariing pagbatikos ng mamamayan sa malupit na hagupit ng EVAT sa kanilang kabuhayan. Dalawang beses niya itong binanggit nitong Nobyembre. Ngunit agad din niya itong binawi matapos magpahayag ng pagtutol ang malalaking negosyanteng sumusuporta sa kanyang pananatili sa poder at sa lahat ng iba pa niyang patakaran nang walang anumang kwestyon.

Bilang palusot, sinabi ng mga upisyal ni Arroyo na nagkamali lamang ang masmidya at ang madla sa pag-intindi sa kanyang mga sinabi. Ang inirerekomenda lamang niya umano sa Kongreso ay ang pagtitiyak na nasusunod ang umiiral na mga batas sa pasahod. Sinuhayan ito ng mga pahayag na nagsabing hindi makabubuti sa bansa ang pagtataas ng sahod.

Kapakanan ng negosyo higit sa kapakanan ng anakpawis. Kakoro ang malalaking negosyante, idineklara ni Arroyo na hindi napapanahon ang pagtataas sa sahod, itataboy lamang nito ang mga dayuhang negosyante palabas ng bansa at, alinsunod sa kanyang pagtaya bilang ekonomista, makasasama pa nga sa mga manggaqawa!

Nagbanta naman ang malalaking kapitalistang kakampi ni Arroyo na magbubunsod ng malawakang tanggalan ng mga manggagawa ang pagtataas sa kanilang sahod.

Matindi ang pagtutol ng mga negosyante sa pagsasabatas ng across-the-board na daqdag na sahod. Mas pabor sila kung idadaan sa mga regional wage board (RWB) ang usapin ng sahod dahil kontrolado nila ang mga ito. Ang mga RWB ay mga ahensya na nagpapasya sa usapin ng sahod. Binubuo ito ng tigdadalawang kinatawan ng mga dilawang unyon, mga negosyante at ng qubyerno.

Sa nakaraang ilang taon, ang RWB ang nagsilbing instrumento para pigilan ang pagtataas sa sahod ng mga manggagawa. Noong Hunyo hanggang Hulyo, mapanginsultong iniutos ng RWB ang P6 hanggang P25 kada araw na dagdag sahod sa iba't ibang rehiyon sa harap ng malawakang panawagan para sa P125 dagdag sa arawang minimum na sahod.

Lalong mapang-insulto ang hungkag na alok ni Arroyo na sa halip na itaas ang sahod, ipagpapaliban na lamang sa pagbabayad sa withholding tax ang mga manggagawa.

Sumisirit na presyo, kakarampot na sahod. Nakapako sa ngayon sa P275 kada araw ang minimum na sahod ng mga manggagawa sa Metro Manila bukod sa P50 Cost of Living Allowance na maaaring ipagkait anumang oras ng kapitalista batay sa sarisaring palusot. Samantala, pinakamababa ang minimum na sahod sa Autonomous Region in Muslim Mindanao na umaabot lamang sa P180. Bukod sa napakaliit ng minimum na sahod, karaniwang hindi pa ito sinusunod ng mga negosyante.

Mag-iisang dekada nang iginigi-

it ng mga manggagawa ang ₱125 dagdag sa kanilang sahod at ng mga mga kawani ng gubyerno ang ₱3,000 daqdaq sa kanilang sweldo. Sadyang hindi nakaaagapay ang pabarya-baryang pagtataas sahod ng mga manggagawa at sweldo ng mga kawani sa nagdaang mga taon sa mabilis na pagsirit ng presvo ng mga bilihin at serbisvo, laluna't ipinatupad nitong Nobyembre ang EVAT at nakatakdang itaas sa 12% and buwis na ito mula sa kasalukuyang 10%. Noong Setyembre, mismong ang National Wages and Productivity Commission and nagsabing ang isang anim-kataong pamilya sa Metro Manila ay nanganqailangan ng P681 bawat araw para mamuhay nang disente.

Samantala, tuluy-tuloy na tumataas ang mga presyo ng mga saligang bilihin at singil sa mga batayang serbisyong kailangan ng mamamayan.

Hindi kataka-taka na ibayo pang dumami ang dumaranas ng kahira-pan. Ayon sa pinakahuling sarbey ng Pulse Asia, lumabas na 75% ng mga Pilipino ang nagsasabing sila ay mahirap o labis na naghihirap. **E** 

### Singil sa kuryente, tumaas na naman


BUNGA ng pagpapataw ng 10% Expanded Value Added Tax (EVAT) mula Nobyembre 1, malaki ang itinaas at itataas ng singil sa kuryente. Magbabayad ng karagdagang ₱108.35 sa buwan ng Nobyembre ang tinatayang 1.2 milyong konsyumer ng Manila Electric Co. (Meralco) na kumukonsumo ng 200 kilowatt-hours (kWh) kada buwan. Binubuo nila ang 31.8% ng kabuuang bilang ng kustomer ng Meralco sa Metro Manila at mga kalapit na prubinsya. Kung dati'y P1,554 ang kanilang binabayaran, ngayo'y aabot na ito sa ₱1,662.35 (6.97% pagtaas).

Samantala, tataas nang ₱11.48 ang babayaran ng mga kumukonsumo ng 50 kWH (₱189.46 tungong ₱200.94) at ₱41.13 naman para sa kumukonsumo ng 100 kWh (₱610.63 to ₱651.76.). Muli pa itong lolobo sa susunod na serye ng pagtaas ng VAT mula 10% tungong 12% na nakatakdang ipatupad pagpasok ng 2006.

Bukod pa sa pagtaas na dulot ng EVAT, magbabayad nang mas mahal ang mga konsyumer dahil sa pagtataas ng singil ng Napocor. Planong maningil ng Napocor sa mga sinusuplayan nito ng kuryente ng dagdag na 45 sentimo kada kWH sa Luzon, 64 na sentimo kada kWH sa Visayas at 51 sentimo kada kWH sa Mindanao. Umaabot sa ₱19 bilyon ang nais makolekta ng Napocor mula sa mga konsyumer.

Tiyak na mamamayan din ang papasan ng pagtaas ng singil ng Napocor dahil ito ang nagsusuplay ng kuryente sa Meralco at iba pang kumpanya at mga kooperatibang naghahatid ng kuryente sa mga bahay at empresa.

# Masaker sa Pasig



Ayon sa mga saksi, nauna munang hinabol at pinaputukan ng mga pulis na sakay ng isang van ang mga lalaking lulan ng isang kotse. Nasukol ang mga lalaki at matapos ng ilang minuto'y nakitang nakabulagta na sa loob ng kanilang sasakyan.

Ang sumunod na pangyayari ay nakunan ng bidyo. Doo'y makikitang paisa-isang binabaril ng mga pulis ang tatlong lalaking nakahandusay na sa loob ng kotse. Sa isang bahagi ng bidyo ay makikitang bahagya pang gumagalaw ang kamay at ulo ng isa bago siya pinaputukan ng tauhan ng TMG. Makikita sa bidyo na walang hawak na baril ang mga lalaki. Kaya't labis na di kapani-paniwala ang sinasabi ng pulisya na ang mga biktima ay nanlaban. Pinaqdududahan din ang sinasabing nakuhang mga plaka ng sasakyan matapos makita sa bidyo na may pulis na aktong may inilalagay sa likod ng sasakyan.

Nagkabuhol-buhol ang mga palusot ng mga pinuno ng PNP sa desperasyong pagtakpan ang lantarang paglabag ng mga pulis sa mga umiiral na alintuntunin sa pakikipagsagupa. Pilit nilang pinalalabas na armado ang tatlong lalaki at sa aktwal ay nakipagputukan pa raw sila sa mga pulis.

Nagkakandarapa ngayon ang PNP at matataas na upisyal ng rehimen na pagtakpan ang krimen ng mga pulis. Tinatangka ng PNP at ng rehimen na pigilan ang imbestigasyon at tabunan ang mahahalagang ebidensyang magpapatunay na masaker at hindi sagupaan ang nangyari.

Pinag-iinitan ng mga pulis ang mga nakasaksi at pinagbabantaang huwag nang tumestigo. May gana pa ang PNP na takutin ng kasong obstruction of justice (pagsagka sa proseso ng hustisya) ang nakakuha at naglabas ng bidyo ng masaker dahil tumatanggi itong ibigay sa PNP ang orihinal na teyp. Napilitan lamang ang PNP na maglunsad ng huwad na imbestigasyon at isuspinde and mga nasangkot na pulis matapos lumakas ang pagbatikos sa naging kondukta at resulta ng kanilang pamamaril.

Labis na kahayupan ang ginawang pagmasaker ng pulis sa tatlong akusadong kriminal. Walang kaabug-abog na niyurakan ng mga pulis ang lahat ng kinikilalang mga alituntunin sa pakikitungo sa mga suspek o kahit sa mga kriminal. Ilang oras lamang matapos ang insidente ay ipinagyabang na ito ni Arroyo bilang isa sa mga tagumpay ng kanyang programa laban sa kriminalidad. At sa harap ng maraming batikos sa pangyayari, pinawalangsala at binigyang-matwid pa ang pagmasaker na ginawa ng mga pulis.

# Enrile, muling mananalanta sa kagubatan ng Samar

ahigpit na ipinagbawal ang pagtotroso sa Samar sa loob ng nakaraang 16 na taon. Bunga ito ng malawakang pagtutol ng mamamayang Samareño sa pagtotroso sa kanilang isla dahil sa sunud-sunod na mga delubyong idinulot ng pagkakalbo ng kanilang kagubatan. Ngunit ang lahat ng ito'y magbabago kung si Gloria Arroyo at kakutsaba nitong si Sen. Juan Ponce Enrile ang masusunod.

Nabunyag noong Agosto 16, biniqyan nq qubyernonq Arroyo nq pahintulot na muling makapagtroso ang San Jose Timber Corporation (SJTC) sa isla. Malinaw na walang ibang sadya ang rehimeng Arroyo kundi ang suklian ng pampulitikang pabor si Sen. Juan Ponce Enrile, may-ari ng SJTC. Kapalit ito ng pagkuha ng suporta ni Enrile sa harap ng naglilitawang iskandalo ng rehimeng Arroyo. Para lamang makapanatili sa poder, sa isang iglap ay winakasan ng rehimen ang mga naipong tagumpay mamamayan sa mahabang pakikibaka laban sa paninira sa kalikasan. Muling inilalagay ng rehimen sa panganib ng mga delubyo ang isla.

Ipinamamalas ng sabwatang Arroyo-Enrile ang lalim at saklaw ng korapsyon ng rehimen at walang pakundangang paggamit nito ng lahat—malaking pera, makapangyarihang mga pusisyon, nakatatakam na pribilehiyo at matatabang kunsesyon—para lamang may makabig at manyutralisa kahit paisa-isa mula sa reaksyunaryong oposisyon sa desperadong hangaring makapanatili sa poder. Bago pa ito, naibukas na ni Arroyo ang malawak na kabundukan at kalupaan ng Samar sa iba't ibang dayuhang kumpanya ng pagmimina.

Ang muling pagpapahintulot sa STJLC na magtroso sa Samar ay pagbawi sa kautusan laban sa pagtotroso na inilabas ni dating Pres. Corazon Aguino noong Pebrero 8, 1989. Ginawa ito ni Aquino matalimang ang araw malawakang pagguho ng mga bundok at pagbaha sa Eastern at Northern Samar. Mahigit 80 katao ang namatay sa Eastern Samar habang 100 naman ang nasawi sa Northern Samar. Umabot sa 33 bayan ang nalubog sa baha at mahigit P100 milyon ang halaga ng mga nasirang tanim. Kagyat na sinundan ang delubyo ng matinding kagutuman dahil sa mahabang panahon ng malaking kakulangan

sa pagkain. Ang Timber License Agreement (TLA) ng SJTC ay sumasaklaw sa 95,770 ektarya na nasa gitna ng 333,000 ektaryang Samar Island Nature Park (SINP). Bahagi ng eryang ibinigay ng Department of **Environment and Natural Resources** (DENR) sa SJTC ay nasa loob ng reserbang kagubatan. Dito matatagpuan ang tanging natitirang mayamang kagubatan sa isla. Sumasaklaw ang kagubatang ito sa tatlong prubinsya ng Samar, Northern Samar at Eastern Samar. Dito rin makikita ang maraming nanganganib nang mawalang hayop at halaman. Si Arroyo mismo ang upisyal na nagdeklara noong Agosto 13, 2003 sa malawak na kagubatang ito bilang protektadong parke.

Pero ngayon, di lamang pinahintulutan ng DENR ang SJTC

na muling magtroso sa Samar, dinagdagan pa ng 16 na taon at tatlong buwan ang bisa ng TLA nito. Kung matutuloy, aabot hanggang 2021 ang lisensya ng SJTC na magtroso, pambawi diumano ito sa mga taong ipinagbawal ang operasyon nito sa isla!

Wawasakin ng pagtotroso ng SJTC ang ilang mahahalagang watershed (lugar na pinagmumulan ng tubig sa mga ilog) sa loob ng SINP. Kapag nawasak ito, mamemeligro ang suplay sa tubig ng mamamayan ng tatlong prubinsya. Sasagasa rin ito sa isang malawak na proyektong pang-irigasyon sa Northern Samar na nakasalalay sa naturang watershed. Ang proyektong ito ang inaasahang magsusuplay ng tubig pang-irigasyon sa mga bulubunduking komunidad sa lugar.

Bukod sa karaniwang mamamayan ng Samar, mariing tumututol din sa muling pagtotroso ng SJTC sa isla ang mga upisyal at grupong simbahan sa isla, mga grupong nagtataguyod sa pangangalaga ng kapaligiran, mga upisyal ng tatlong apektadong prubinsya at maging ang Regional Development Council ng Eastern Visayas.

Nagpahayag ng mariing pagtutol sina Bishop Jose Palma ng Calbayog, Bishop Leonardo Medroso ng Borongan, Bishop Emmanuel Trance ng Catarman at Bishop Angel Hobayan Emeritus Catarman. Bukod sa mga pastoral letter na nagsasaad ng pagtutol, 45 pari rin mula sa 25 parokya ang bumatikos sa SJTC sa pamamagitan ng pinag-isa nilang pahayag. Sa Tacloban City, kinundena Samahan han Gudti nga Parag-uma han Sinirangan Bisayas (SAGUPA) ang garapal na maniobra ni Arroyo na ialay ang kagubatan ng isla bilang suhol kay Enrile. Sa darating na Disvembre 1, balak nilang ilunsad ang isang caravan laban sa pagtotroso na lalahukan ng mamamayan mula sa tatlong prubinsya. Ang Samar Island Biodiversity Foundation av maglulunsad rin ng iba pang katulad na kilos protesta.

Gayundin, kinundena ng rebolusyonaryong kilusan sa Samar ang mga maniobra nina Arroyo at Enrile na wawasak hindi lamang sa kapaligiran ng Samar kundi sa buhay at kabuhayan ng mamamayang Samareño. Kabaligtaran ng mga programa ng reaksyunaryong rehimen, itinataguvod ng rebolusyonaryong kilusan sa Samar ang mahiqpit na paqbabawal sa malakihang pagtotrosong komersyal at pang-eksport, na siyang negosyo ng SJTC. Pinahihintulutan lamang ang limitado at responsableng pagpuputol ng mga kahoy para sa mga lokal na pangangailangan, katulad ng pagtatayo ng mga

#### **Duguan ang rekord ng SJTC**

Mahaba at duguan ang rekord ang SJTC sa Samar. Kilala ito sa malawakang pangangamkam ng lupa ng mga magsasaka. Mula dekada 1970 hanggang 1989, walang pakundagan nitong kinalbo ang kagubatan sa isla. Kilala rin itong kasabwat ng diktadurang Marcos sa panunupil at pang-aabuso sa mamamayan. Nagsilbing pribadong hukbo ni Enrile, ministro sa depensa noon ni Marcos, ang pwersang panseguridad ng korporasyon. Nagsagawa ito ng maraming mga paglabag sa karapatang-tao, kabilang ang kahindik-hindik na mga masaker sa Las Navas at Masloq.

Mahigit 40 katao, kabilang ang mga bata at sanggol ang walang awang pinagpapatay noong Setyembre 15, 1981 sa Sag-od, Las Navas, Northern Samar ng isang 18-kataong pangkat ng mga myembro ng Special Forces ng AFP na binigyang-laya para magkunwaring "Lost Command." Iginigiit noon ng mamamayan ng Sag-od na nagtatrabaho sa SJTC ang karampatang sahod at makataong pagtrato.

Ang pangkat na nangmasaker sa mga taga-Sag-od ay binuo ni Enrile noong pang 1973 bilang espesyal na kontra-rebolusyonaryong pwersa sa ilalim ng pamumuno ni Col. Carlos Lademora. Kinopya ang konsepto nito sa mga katulad na "Lost Command" na binuo ng mga Special Forces ng US Armed Forces sa Vietnam noong panahon ng gera roon. Ginamit ni Enrile ang "Lost Command" ni Lademora para pangalagaan ang sariling interes, salakayin ang BHB at MNLF at baseng masa nito at maghasik ng lagim sa Mindanao at Samar.

Noong 1982 naman, mahigit 10 magsasaka ang pinatay ng mga goons ni Enrile sa Sityo Tamay, Barangay Karayakay, Maslog, Eastern Samar. Inilibing sila nang buhay sa isang malaking hukay na tambakan ng troso. Pinag-initan ni Enrile ang naturang mga magsasaka dahil aktibo silang lumalahok sa mga pagkilos laban sa SJTC. Binatikos nila ang pagkawala ng kanilang kabuhayan dahil sa pagtotroso ng SJTC at pagbabawal sa kanila na pumasok sa kagubatan para maghanapbuhay.

Lampas dalawang dekada na ang nakararaan ngunit hanggang ngayo'y hindi pa naparurusahan ang kriminal na SJTC at ang nasa pinakatuktok nito na si Sen. Juan Ponce Enrile. Wala ni isa sa mga goons ng korporasyon ang naparusahan. Walang natanggap na tulong o anumang indemnipikasyon ang mga biktima at mga pamilya nila. MB

bahay at paggawa ng mga kagamitang pambahay. Kasabay nito, itinataguyod ng rebolusyonaryong kilusan ang pagsusulong ng malawakang edukasyon at kilusang masa para sa pangangalaga ng kagubatan, reforestation at pagpapaunlad ng mga alternatibong kabuhayan upang itaas ang katayuang pang-ekonomya ng mamamayang nakasandig sa pagtotroso.

Nakahanda ang rebolusyonar-

yong kilusan, kasama ang mamamayan ng Samar, na gawin ang lahat upang pigilan ang mga operasyon ng SJTC at iba pang mga operasyong makasasama sa mga kagubatan at kabundukan ng isla. Ambag dito ng Bagong Hukbong Bayan ang pagkumpiska sa kagamitan ng sinumang magsasagawa ng iligal at malakihang komersyal na pagtotroso at pagtitiyak na hindi na nila muling mapakikinabangan ang mga ito. ME

# Galamay ni Palparan, pinatalsik sa Northern Samar

inanggal si Brig. Gen. Jovito Palparan bilang hepe ng 8th ID na nakabase sa Eastern Visayas (EV) noong Setyembre dahil sa kaliwa't kanang mga protesta sa EV laban sa matitinding abusong militar sa ilalim ng kanyang pamumuno. Pero nang mawala si General Palparan, naiwan doon ang masusugid niyang galamay tulad ni Lt. Col. Manuelito Usi, hepe ng 63rd IB na nakabase sa Barangay

Opong, Catubig, Northern Samar.

Si Usi ay isa ring upisyal ng militar na isinusuka ng mamamayan sa Northern Samar dahil sa dami ng mga paglabag sa karapatang-tao na ginawa niya at ng kanyang mga tauhan. Isa sa pinakahuling abusong ginawa ni Usi ang pagpatay sa isang kasapi ng partidong Anak ng Bayan na nagngangalang Jolito Tabino. Si Tabino, 26, ay dinukot noong Setyembre 2 sa Barangay Bagacay, Palapag. Nakita na lamang ng mga residente ng kalapit na Barangay Osmeña ang kanyang bangkay noong Setyembre 10 na may naiwan pang plastik na nakatali sa leeg at maraming mga sugat sa katawan—palatandaan na tinortyur muna siya bago pinatay.

Pagkatapos ng insidenteng ito ay ipinagkalat pa ni Usi sa pamamagitan ng kanyang lingguhang programa sa isang lokal na istasyon ng radyo sa Catarman na mga Pulang mandirigma raw ang pumatay kay Tabino, kahit alam na alam ng mga taga-Bagacay na militar ang dumukot sa kanya. Ngunit anupaman ang gawing pag-iimbento ni Usi ay hindi na rin pinaniniwalaan ng mga taga-Northern Samar dahil bistado na nila ang mga salamangka ng berduqong hepe ng 63rd IB.

Bago ito, isa pang karumal-

dumal na krimen na ginawa ng 63rd IB sa pamumuno ni Usi ang pagistraping sa bahay ng pamilyang Conge sa Barangay Uno, Catubig,

Conge sa Barangay Uno, Catubig, Northern Samar noong Agosto 2004 na ikinamatay ng apat na buwang buntis na si Mely Conge at malubhang ikinasugat ng kanyang asawa at tatlong anak. Maraming saksi, kabilang ang mga nakaligtas na myembro ng pamilyang Conge, ang nagpapatunay na mga elemento ng CAFGU at 63rd IB ang may kagagawan nito. Pero gaya pa rin ng nakaugalian ni Usi, ipinangalandakan na naman niya na BHB raw ang responsable sa masaker. Hanggang ngayon ay wala pa ring hustisyang natatamo ang pamilyang Conge.

Tanda pa rin ng tahasang kawalang-respeto ng 63rd IB sa mamamayan, hinimpilan nila ang mga barangay hall, day care center at mga kapilya sa mga liblib na barangay ng Bobon at Catarman at pinipinturahan pa ng camouflage ang mga gusaling ito.

KATAWHAN HA SAMAR UG LEYT

Ngunit di lamang pangkaraniwang sibilyan binibiktima nila. Maging mga lokal na upisval ng Northern Samar na pinagsususpetsahang sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan ay ginigipit, tulad nina Ferdinand Avila ng San Isidro, Nicolas Porog ng Victoria, Laureana Suan ng Allen, Linda Cinco ng Lope de Vega at Francisco Rosales ng Catarman. Bukod pa sila sa mga taong simbahan, propesor at tagamidya na hinaharas din ng 63rd IB.

Dahil sa matinding pagbatikos ng mga taga-Northern Samar sa mga kasuka-sukang pinaggagawa ni Usi at iba pang upisyal at tauhan sa ilalim ng kanyang pamumuno, napilitan na rin ang AFP na tanggalin si Usi bilang kumander ng 63rd IB nitong Nobyembre.



#### Bilangguan sa India, sinalakay ng hukbong bayan

SINALAKAY ng 1,000 mandirigma ng People's Liberation Guerrilla Army (PLGA) ng India ang isang bilangguan sa bayan ng Jehanabad sa estado ng Bihar nitong Nobyembre 13. Pinalaya nila ang aabot sa 400 nakakulong na rebolusyonaryo, aktibista at iba pang sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan sa India. Ang PLGA ay rebolusyonaryong armadong hukbo na nakapailalim sa Communist Party of India (Maoist) o CPI(M). Nabuo ang CPI(M) nang magsanib ang Communist Party of India (People's War) at Maoist Communist Center (India) noong Setyembre 21, 2004.

Ang mga gerilya ng PLGA ay may malakas na baseng masa sa ilang estado ng India, kabilang ang Bihar, Andra Pradesh, Maharasatra, Orissa at Chhattisgarh kung saan masigla ang kilusan ng mga magbubukid mula pa noong 1970. Noong nakaraang linggo, nireyd rin ng may 300 gerilya ang isang paaralan ng pulisya sa estado ng Jharkhand. Limang kadete ng pulisya ang napatay sa pagsalakay na iyon.

#### 500,000 manggagawa, nagprotesta sa Australia

HALOS tumigil ang mga negosyo sa mga pangunahing lunsod ng Australia noong Nobyembre 15 nang maglunsad ng mga martsa-rali ang kanilang mga manggagawa. Aabot sa 500,000 manggagawang Australian ang dumagsa sa lansangan sa 300 koordinadong pagkilos upang tutulan ang mga kontra-manggawang "reporma sa paggawa" na isinabatas ng gubyerno ni Prime Minister John Howard. Ang pagkilos na ito ang itinuturing na pinakamalaking pagkilos ng mga manggagawa sa kasaysayan ng kilusang paggawa sa Australia. Sinuportahan ang malawakang pagkilos ng matataas na upisyal ng anim na estado ng Australia.

Nasa sentro ng mga "reporma" ni Howard ang pag-atake sa organisadong manggagawa at kanilang mga unyon. Itinutulak ni Howard ang "desentralisasyon ng mga negosasyong industriyal" upang isaisantabi ang mataas na antas ng kolektibong pakikipagnegosasyon ng mga manggagawa at ng kanilang mga unyon. Pipigilan nito ang pagsasanib ng mga unyon sa industriyal at pambansang pederasyon at ililimita sa mga indibidwal na manggagawa o hiwa-hiwalay na mga unyon ang pakikipagnegosasyon. Sa gayon, mas madaling brasuhin ng mga kapitalista ang hiwa-hiwalay na organisasyon sa bawat planta. Wawasakin nito ang mga unyon at ipagkakait sa mga manggagawa ang karapatan nila sa pag-oorganisa sa sarili at kolektibong pakikipagnegosasyon.

Itinutulak din ni Howard ang pagliligalisa sa kontraktwalisasyon sa paggawa at pagbibigay ng higit na kapangyarihan sa mga negosyante na magtanggal ng mga manggagawa. Ayon sa mga manggagawa, labag ang mga ito sa kanilang mga karapatan at seguridad sa trabaho at ibayo lamang nitong palalalain ang dati nang masahol na kundisyon sa paggawa.

#### Blokeyo ng US sa Cuba, ibinasura ng UN

MULING pinagbotohan sa United Nations General Assembly noong Nobyembre 9 ang kundenahin at ipanawagan ang pagtatapos sa 40 taong pangekonomya, komersyal at pinansyal na embargo o blokeyo ng US laban sa Cuba. Bumoto ang halos lahat ng mga myembrong na tapusin ang blokeyo na naging malaking salik sa kahirapang dinaranas ng Cuba. Umabot sa 182 bansa ang bumoto para sa pagtatanggal sa blokeyo, habang apat-ang US, Israel, Palau at Marshall Islands—ang bumoto para panatiliin ito.

Sa ilalim ng blokeyo na sinimulan ng US noon pang Oktubre 1960, pinalawak noong 1962 at tuluy-tuloy pang pinasaklaw sa mga susunod na taon, ipinagbawal ng US ang pakipagkalakalan, pamumuhuhan at anumang pampinansyang transaksyon ng mga kumpanya at mamamayan ng US sa Cuba.

Noong Oktubre 2003, nag-utos si George W. Bush, presidente ng US, ng mga dagdag na paghihigpit at mga patakarang mapanupil laban sa Cuba. Kabilang dito ang ibayong paghihigpit sa pagbyahe sa Cuba, pagbabawal sa pagpapadala ng mga remitans ng mamamayan ng Cuba na nasa US at pinatinding kampanyang paninira sa gubyerno ni Castro. Tinataya ng qubyerno ng Cuba na mahigit \$70 bilyon ang nawala sa kanila dahil sa blokeyo, kabilang ang kawalan ng kita sa eksport, karagdagang gastos sa importasyon, pagsikil sa pagunlad ng ekonomya ng Cuba at iba pang kapinsalaan sa mamamayan.

Mainit na binati ni Presidente Fidel Castro at ng mamamayan ng Cuba ang suporta sa kanila ng UN General Assembly at ang pagtutol nito sa mahabang kasaysayan ng panunupil at pagpapahirap ng imperyalistang US sa kanilang bansa. Iginiit ng mga upisyal ng Cuba na ang blokeyo ay isang malupit na patakaran na hindi sinusuportahan ng mamamayan sa loob at labas ng US.

Taon XXXVI Blg. 21 Nobyembre 7, 2005 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Labanan ang panunupil ni Arroyo sa midya

uspusan ang pagsisikap ni Gloria Arroyo na kontrolin ang lahat ng instrumento ng estado upang epektibong magamit ang mga ito sa pandarahas at pagpapasunod sa mamamayan at pagpapanatili sa sarili sa pwesto. Kasabay nito, naglunsad siya ng engrandeng kampanya ng panlilinlang upang bigyang-katwiran ang kanyang pananatili sa poder at lumikha ng larawan ng pag-unlad. Puspusan din ang kanyang mga pagsisikap upang pagmukhaing demonyo ang lahat ng pwersa at sektor na lumalaban sa kanyang paghahari at bigyang-matwid ang paggamit ng karahasan laban sa kanila. Para rito, ginawa ni Arroyo ang lahat—panloloko, pambabraso, panunuhol at pagbabanta—upang kontrolin at impluwensyahan ang masmidya at tiyakin na ang impormasyon na dadaloy mula rito ay yaon lamang makabubuti sa kanya.

Gayunpaman, ilang ulit nang nabigo si Arroyo na kumbinsihin ang maraming reporter, brodkaster at kolumnista na magsilbi sa kanyang mapanlinlang na kampanya



ng pagpapaganda o pagtatago ng mga impormasyon at balitang "dumudungis" sa kanyang paghahari. Sa kabila ng mga pagbabanta ni Arroyo, patuloy ang masmidya, laluna ang mga impluwensyado ng oposisyon, gayundin ang karaniwang mga reporter at brodkaster,

Mga tampok sa isyung ito...

9 na sundalo patay, 20 sugatan sa ambus ng BHB sa Iloilo

PAHINA 4

Mga ebidensya laban kay Arroyo, inihapag sa CCTA

PAHINA 5

Enrile, muling mananalanta sa Samar

PAHINA 11

#### Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2. Pag-print sa istensil:
  - a) Sa print dialog, i-check ang **Print as image**
  - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
  - k) I-click ang Properties
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
  - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*